Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 215-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAPAGKALOOBAN NG "MONTHLY HONORARIUM" ANG MGA AKTIBONG KASAPI NG BANTAY-DAGAT NG LUNGSOD NG MALOLOS SA HALAGANG HINDI BABABA SA PHP7,000.00 BILANG PAGBIBIGAY PAGKILALA SA KANILANG PAGLILINGKOD TULAD NG PAGPAPATUPAD NG MGA UMIIRAL NA BATAS, PATUNGKOL SA PANGANGALAGA SA MGA LIKAS YAMANG DAGAT, PARTIKULAR ANG ITINATADHANA NG REPUBLIC ACT NO. 8550 O MAS KILALA SA TAGURING "The Philippine Fisheries Code of 1998".**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa probisyon ng Seksyon 2 ng Republic Act No. 8550 o mas kilala sa taguring "The Fisheries Code of 1998 ay pangunahin sa layunin at gampanin ng Pamahalaang Nasyunal at Lokal ang pangangalaga sa likas yamang dagat ng bansa upang masiguro ang kasapatan ng pagkukunan nito at ang katatagan ng ekonomiya ng bansa;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay may humigit-kumulang dalawang libong ektaryang katubigan sakop ng teritoryong hurisdiksyunal na pinagkukunan ng mga yamang dagat gaya ng isdang bangus, tilapia, hipon, talaba at tahong;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay napagkakalooban lamang ang mga ksapi ng Bantay-Dagat ng halagang Php2,000.00 na honorarium kada-buwan at Php300.00 kada-pagpapatrolya;

**SAPAGKAT,** pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod ang City Ordinance No. 04-2018 o mas kilala sa taguring "Mangrove Protection Ordinance" na may layuning mapangalagaan ang mga bakawan sa pamamagitan ng pagdedeklara sa humigit-kumulang 32 ektarya bilang Mangrove Protected Areas (MPA's);

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay walang permanenteng himpilan ang Bantay Dagat kung kaya't lubhang mahirap para sa mga kapatid natin na boluntaryong naghahandog ng kanilang serbisyo sa lungsod na maipatupad at magampanan ng mas epektibo ang kanilang mga gampanin;

**SAPAGKAT,** lubhang kinakailangan din nila ang mga kagamitan upang mas maging episyente ang kanilang pagpapatupad ng mga umiiral na batas hinggil sa pangangalaga sa likas yamang dagat gaya ng Speedboats, Radios, Binoculars, uniforms at iba pa;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa mga layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkakaloob ng mataas na antas ng paglilingkod publiko, higit lalo sa mga programang nakasentro sa pangangalaga ng likas yaman nito at ng kapaligiran;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, alinsunod sa itinatadhana ng seksyon 16 ng Republic Act No. 7610 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang gampanin ng bawat lokal na pamahalaan na magsulong ng mga prgrama at proyektong pangkaunlaran at magsusulong ng kagalingang panlahat (General Welfare Clause)

Sa pamamagitan ng mungkahi ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat ng dumalo na:

**IPINASIYA**,gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na magalang na humihiling sa mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na mapagkalooban ng "Monthly Honorarium" ang mga aktibong kasapi ng Bantay Dagat ng Lungsod ng Malolos sa halagang hindi bababa sa Php7,000.00 bilang pagbibigay pagkilala sa kanilang paglilingkod tulad ng pagpapatupad ng mga umiiral na batas patungkol sa pangangalaga sa mga likas yamang dagat, partikular ang itinatadhana ng Republic Act No. 8550 o mas kilala sa taguring "The Philippine Fisheries Code of 1998".

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG.KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG.MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG.ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG.DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG.EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG.EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG.LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG.DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG.PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020